REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod

## KAUTUSANG PANLUNGSOD BILANG 98-007

**KAUTUSAN NA PINAGTITIBAY ANG REKLASIPIKASYON NG LUPA SA BUENCAMINO ST., ALABANG, LUNGSOD NG MUNTINLUPA MULA "LOW DENSITY RESIDENTIAL" (R-1) PARA MAGING "MEDIUM DENSITY COMMERCIAL" (C-2)**

*************************************************************************

Ipinanukala nina:
**KON. JO JASON T. ALCARAZ**
**KON. MARIO E. BULAY, JR.**
**KON. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
**KON. VICTOR L. ULANDAY**
**KON. BAL NIEFES**
**KON. ALDRIN L. SAN PEDRO**
**KON. RAUL R. CORRO**
**KON. NICANOR L. ECHAVEZ, MD.**
**KON. DANTE S. ALMARIO**
**KON. ELMER S. ESPELETA**
**KON. REYNALDO A. ABAS, JR.**
**KON. LUCIO B. CONSTANTINO**
**KON. ARTEMIO A. SIMUNDAC**
**KON. ALLAN REY A. CAMILON**

*************************************************************************

**SAPAGKAT,** alinsunod sa Republic Act 7160 partikular ang Seksiyon 458 (2) (VIII), ang Sangguniang Panlungsod ay may kapangyarihang mag-reklasipika ng mga lupaing nasasaklaw ng kanyang pamamahala;

**SAPAGKAT,** hinihiling ng aplikante, Bb. Cristita Picson na ire-klasipika ang lupang nasa Buencamino St., Alabang, Lungsod ng Muntinlupa mula "Low Density Residential" (R-1) patungong "Medium Density Commercial" (C-2);

**SAPAGKAT,** malaking bahagi ng nasabing mga lupain ay kinatatayuan na ng mga gusaling pang-komersyal na gamit;

**SAPAGKAT,** ang dominanteng gamit ng lupa (pre-dominant use) at pagpapataw ng buwis sa lupa sa nasabing lugar ay naa-ayon na sa pang-komersyal na gamit;

**SAPAGKAT,** ang bagay na ito ay dumaan na sa Pampublikong Pagdinig na dinaluhan ng ilang nagmamay-ari ng lupa sa nasabing lugar;

**SAPAGKAT,** napag-bigay alam sa lahat ng nagmamay-ari ng lupa sa nasabing lugar ang tungkol sa reklasipikasyon sa pamamagitan ng sulat na ipinadala ng Administrador ng Pagsona ng Lungsod at paglathala sa arawang pahayagan na may malakihang sirkulasyon;

**SAPAGKAT,** matapos makalipas ang taning na ibinigay ay walang tumutol o nagpasabi ng pagtutol sa pag-reklasipika;

SAPAGKAT, matapos ang masusing pag-aaral at dahil na rin sa rekomendasyon ng **Tanggapan ng Pagpaplano at Tanggapan ng Administrador ng Pagsona** ay nararapat na pagtibayin ang nasabing reklasipikasyon;

**NGAYON, DAHIL DITO, PINAGPASIYAHAN** ng ***Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa*** na pagtitibayin ang reklasipikasyon ng lupa sa Buencamino St., Alabang, Lungsod ng Muntinlupa na may mga sumusunod na hangganan:

**NORTH: Lot 17 Block 12 at Lot 39 Block 11**
**EAST: Tiera Nueva Subdivision**
**SOUTH: Alabang-Zapote Road**
**WEST: Muntinlupa-Las Piñas Boundary**

**PINAGPASIYAHAN PANG MULI,** na dahil sa ang **Buencamino St.** ay walang ***"intervening street"*** at may katabi pang lupaing pang residensiyal ang klasipikasyon, at ang limitasyon na nakasaad sa **Seksyon 5C** ng ***Muntinlupa Ordinance 91-39*** ay ipatutupad kung kaya't ang taas ng mga gusali na papayagang maitayo dito ay hindi dapat humigit sa labingdalawang metro (12 meters) o apat na palapag (4 storeys).

**PINAGTIBAY,** ng ***Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa*** ngayong **5 Oktubre 1998** sa kanilang **ika-13 Regular na Sesyon.**

**SINANG-AYUNAN:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**MGGL. RAUL R. CORRO**
Konsehal

**DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

**MGGL. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**ELMER S. ESPELETA**
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**



**MGGL. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**BAL NIEFES**
Konsehal

**DR. NICANOR L. ECHAVEZ**
Konsehal

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Barangay

**REYNALDO A. ABAS, JR.**
Konsehal

**LUCIO B. CONSTANTINO**
Konsehal

**MARIO E. BULAY, JR.**
Konsehal

**ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

**PINATOTOTOHANAN** ko ang katumpakan ng Kautusang Panlungsod na ito.

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN:**

**VICENTE Y. CHUA**
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Punonglungsod
Petsa: 11-5-98

Nory